

『Panuntunan sa paggamit ng terminal』(binago Hunyo 2021)

Himeji City Board of Education

Mahalagang gamitin ng maayos ng terminal upang maunawaan ng mabuti ang mga nilalaman ng pagkatuto at pagyamanin ito. Ang terminal ay isang tool o paraan na magagamit sa pag aaral . Ito ay kapakipakinabang ngunit maraming bagay din na makapagbibigay alalahanin sa atin.

Samakatuwid, nagtaguyod kami ng mga panuntunan sa paggamit ng terminal sa mga paaralan at tahanan. Sundin natin ang mga panuntunan na ito 「kaligtasan · seguridad」.

Protektahan at panatilihin ang malusog na paraan ng paggamit ng terminal at smartphone ng bawat indibidwal (tahanan), impormasyong moral at seguridad nito.

1 Ukol sa pangunahing paraan ng paggamit nito

(1) Gamitin ito para sa pag aaral

(Ang terminal ng paaralan ay itinalaga upang magamit para sa pag aaral ng lahat sa lungsod ng Himeji.)

(2) Isara ang screen sakaling hindi na ito gagamitin o dadalihin.

(3) Huwag kailanman ito hawakan o pindutin gamit ang lapis o pluma , o sulatan , o dikitan ng magnet.

(4) Huwag tumakbo habang daladala ito, iwasan ilagay sa lupa.

(5) Ingatan mabuti na hindi ito mawala, mahulog, mabasa ng tubig.

(6) Gamitin ang student account na may pag unawa na maaaring suriin ito ng Lupon ng Edukasyon o paaralan ang kasaysayan ng paggamit kung kinakailangan upang masunod ang “panuntunan sa paggamit ng terminal” at ligtas itong magamit.

(7) Sa pagkakataong hindi makasunod sa 『Panuntunan sa paggamit ng terminal』 maaaring ihinto ang paggamit ng terminal.

2 Ukol sa malusog na paraan ng paggamit

(1) Sa paggamit ng terminal, ingatan ang masyadong paglapit sa screen.

(2) Paminsan minsan ay papahingahin ang mata, isang beses sa 30 minuto ay tumingin sa malayo o kapaligiran.

(3) Gamitin ito sa tamang postura upang hindi manakit ang leeg at balikat.

(4) Huwag gumamit ng mahabang oras at kinakailangan ng pahinga.

3 Impormasyong moral (komportableng paraan ng paggamit)

(1) Huwag magsulat ng makakasakit o hindi makakabuti sa sinuman.

(2) Hindi ipina-publish ang personal o ibang impormasyon (pangalan, telepono, address) sa internet.

(3) Humingi ng pahintulot sa pagre-record ng mga larawan, video at audio.

(4) Humingi ng pahintulot sa paggamit ng mga gawa ng iba at pahalagahan ang ekspresyon nito.

(5) Huwag mag browse o mag post ng mga hindi naaangkop na mga site sa internet.

4 Seguridad sa impormasyon (ligtas na paggamit)

(1) Ang ID at password ay personal na pamahalaan. (huwag ituro sa ibang tao)

(2) Huwag hingin ang ID at password ng iba. (hindi ginagamit)

5 Sakaling nasira o nawala ang terminal

(1) Ipagbigay alam agad sa guro kung sakaling nasira o nawala ang terminal.

(2) Sakali na malaman mo na ito ay nasira (sadya), ginamit ito ng walang pag iingat, magiging responsible ang magulang sa gastos nito.

6 Ukol sa Paggamit sa tahanan

(1) Pagpasyahan at pag usapan ang oras ng paggamit sa bahay.

(2) Huwag gamitin ito 30 minuto bago matulog o sa oras ng pagtulog.

(3) Huwag hayaan na gamitin o ipahiram ito sa iba.

(4) Ilagay o itago ito sa makikita ng kasama sa bahay.

(5) Huwag ito ilagay sa ilalim ng mabibigat na bagay (tulad ng bag), o maging sa pinakasulok nito.

(6) Huwag ito ilagay sa maaaring matapunan ng tubig, mahalumigmig na lugar, o maging sa ilalim ng araw at malapit sa stove.

(7) Ipagbigay alam agad sa paaralan kung sakaling masira , hindi gumagana, o nawala ito.

(8) Ang gastos sa komunikasyon ay sisingilin sa inyong tahanan.

(9) Sakaling nawala ang terminal na inuwi, sasagutin ang gastos nito ng magulang.

【Karagdagan】 Kung iyong isi-search ang 「Himeji Manabi Support Site」 may mahahanap kayong kapaki-pakinabang na maaaring magamit na materyales para sa inyong device.